Cour
Pénale
Internationale

International
Criminal
Court

Orihinal: Ingles | Numero**.: ICC-01/21**

**Petsa**: **7 ng Marso 2025**

**KAMARA NG PRE-TRIAL I**

Sa harap**:**
**Huwes 'Judge' Iulia Antoanella Motoc**, **Pangulo ng Pagdinig**
**Huwes 'Judge' Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou**
**Huwes 'Judge' María del Socorro Flores Liera**

**SITWASYON NG REPUBLIKA NG PILIPINAS**

**LIHIM**

**Mandato ng pag-aresto para kay Mr Rodrigo Roa Duterte**

**Maipaalam ang Mandato sa Pag-aresto, alinsunod sa Regulasyon 31 ng mga Regulasyon ng Korte, para kay:**

☒ **Ang Opisina ng Taga-usig**

☐ **Abogado ng Depensa**

☐ **Mga Legal na Kinatawan ng mga Biktima**

☐ **Mga Legal na Kinatawan ng mga Aplikante**

☐ **Walang Kinatawan na mga Biktima**

☐ **Walang Kinatawan na mga Aplikante (Partisipasyon/Pagbabayad-pinsala)**

☐ **Ang Opisina ng Pampublikong Abogado para sa mga Biktima**

☐ **Ang Opisina ng Pampublikong Abogado para sa mga Depensa**

☐ **Mga Kinatawan ng Estado**

☐ **Kaibigan ng Hukuman**

**REHISTRO**

---

**Rehistrador**
Mr Osvaldo Zavala Giler

☐ **Abogado ng Seksyon ng Suporta**

☐ **Yunit ng mga Biktima at mga Saksi**

☐ **Seksyon ng Detensyon**

☐ **Seksyon ng Partisipasyon ng mga Biktima at Pagbabayad-pinsala**

☐ **Iba**

**('PRE-TRIAL CHAMBER I') ANG KAMARA NG PRE-TRIAL I** (the 'Chamber') ng Internasyonal na Korte para sa Krimen (the 'Court') ay nagpapalabas ng mandato sa pag-aresto ('warrant of arrest') sa artikulo 58(1) Batas ng Roma (the 'Statute') para kay

**Rodrigo Roa Duterte**

**i**sang mamamayan ng Republika ng Pilipinas, isinilang noong ika- 28 ng Marso 1945 sa Maasin, Southern Leyte, Republika ng Pilipinas.[1]

## I. Kasaysayan ng mga hakbang sa kaso

1. Noong ika-19 ng Abril 2021, itinalaga ng Tanggapan ng Pangulo ang sitwasyon ng Republika ng Pilipinas (the 'Philippines') sa Kamara (the 'Chamber').[2]

2. Noong ika-15 ng Setyembre 2021, ang Kamara, sa isang nakaraang komposisyon, nagbigay ng pahintulot para sa pagsisimula ng imbestigasyon tungkol sa Sitwasyon ng Pilipinas (the 'Philippines Situation') kaugnay sa mga krimen na sakop ng hurisdiksiyon ng Korte, na inaakalang isinagawa sa teritoryo ng Pilipinas sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2011 at ika-16 ng Marso 2019 sa konteksto ng kampanya ng giyera laban sa droga ('war on drugs') .[3]

3. Noong ika-24 ng Hunyo 2022, alinsunod sa kahilingan ng pagpapaliban galing sa Pilipinas[4] at ang pansamantalang pagsususpinde ng mga gawain sa imbestigasyon,[5] hinihiling ng Prosekusyon sa Kamara (the 'Chamber') na magbigay ng pahintulot para sa pagsisimula ng imbestigasyon tungkol sa sitwasyon sa Pilipinas.[6]

[1] Prosecution's urgent application under article 58 for a warrant of arrest against Rodrigo Roa DUTERTE, 10 February 2025, ICC-01/21-80-US-Exp (with under seal, *ex parte*, only available to the Prosecution Annexes A-E), para. 7; PHL-OTP-00000269; PHL-OTP-00000388 at 0012-0013.
[2] Decision on the assignment of the situation in the Republic of the Philippines, ICC-01/21-1.
[3] Decision on the Prosecutor's request for authorisation of an investigation pursuant to Article 15(3) of the Statute, ICC-01/21-12 ('Article 15 Decision').
[4] Annex A to the Notification of the Republic of the Philippines' deferral request under article 18(2), ICC-01/21-14-AnxA.
[5] Notification of the Republic of the Philippines' deferral request under article 18(2), ICC-01/21-14.
[6] Prosecution's request to resume the investigation into the situation in the Philippines pursuant to article 18(2), ICC-01/21-46.

4. Noong ika-26 ng Enero 2023, nagbigay ng pahintulot ang Kamara (the ‘Chamber’) para sa Taga-usig na magsisimula ng imbestigasyon tungkol sa Sitwasyon sa Pilipinas.[7] Noong ika-18 ng Hulyo 2023, ang desisyon ay kinukumpirma ng Kamara para sa mga Apela.[8]

5. Noong ika-10 ng Pebrero 2025, ang Prosekusyon, sa ilalim ng selyo at ‘*ex parte’*, na tanging magagamit lamang para sa Prosekusyon, para sa mandato sa pag-aresto (‘warrant of arrest’)[9] para kay Rodrigo Roa Duterte (‘Mr Duterte’), na inaakalang hindi direktang kasabwat sa paggawa ng krimen alinsunod sa artikulo 25(3)(a) ng Batas (the ‘Statute’ ) para sa sumusunod na mga krimen laban sa Sangkatauhan sa loob ng hurisdiksyon ng korte, na isinasagawa sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2011 at ika-16 ng Marso 2019 (ang Kaukulang panahon ‘the Relevant Period’):

(i) ang pagpatay bilang isang krimen laban sa Sangkatauhan (artikulo 7(1)(a) ng Batas (the ‘Statute’);
(ii) ang pagpapahirap bilang isang krimen laban sa Sangkatauhan (artikulo 7(1)(f) ng Batas (the ‘Statute’); at
(iii) ang panggahasa bilang isang krimen laban sa Sangkatauhan (artikulo 7(1)(g) ng Batas (the ‘Statute’).[10]

## II. Hurisdiksyon at pagtanggap

6. Alinsunod sa unang pangungusap ng artikulo 19(1) ng Batas (the ‘Statute’), nakita ng Kamara (the ‘Chamber’), batay sa mga materyales na isinumite at hindi nakakaapekto sa mga susunod na pagpapasya ukol sa usapin, na ang kaso laban kay Mr Duterte ay saklaw sa hurisdiksyon ng Korte. [11]

Ang Kamara (the ‘Chamber’) ay nakokontento na ang mga insidenteng inilalarawan sa Aplikasyon ay nagtataglay ng mga krimen laban sa Sangkatauhan na inaakalang isinasagawa ni Mr Duterte, isang mamamayan sa Pilipinas. Ayon sa hurisdiksyon ng panahon, naaalala ng Kamara, na ‘[habang umurong ang Pilipinas galing sa Batas

[7] Authorisation pursuant to article 18(2) of the Statute to resume the investigation, ICC-01-21-56-Red (‘Article 18(2) Decision’).
[8] Judgment on the appeal of the Republic of the Philippines against Pre-Trial Chamber I’s “Authorisation pursuant to article 18(2) of the Statute to resume the investigation”, ICC-01/21-77 (‘Article 18(2) Appeal Judgment’).
[9] Prosecution’s urgent application under article 58 for a warrant of arrest against Rodrigo Roa DUTERTE, ICC-01/21-80-US-Exp (with under seal, *ex parte*, only available to the Prosecution Annexes A-E).
[10] Application, paras 2, 17, 77.
[11] See Article 18(2) Decision; Article 18(2) Appeal Judgment.

(the 'Statute'), na nagkaroon ng epekto noong ika- 17 ng Marso 2019, nananatili ang hurisdisyon ng Korte tungkol sa mga krimen umano na naganap sa teritoryo ng Pilipinas sa panahon na ito'y isang Estadong partido, galing ng ika-1 ng Nobyembre 2011 hanggang sa at kasama ang ika -16 March 2019.'[12] Naaalala din nito na ang Hurisdiksyon ng Korte at ang mandato ay tinutupad alinsunod sa mga patakaran ng Batas (the 'Statute'), ang internasyonal na kasunduan na kung saan ang Pilipinas ay isang partido sa panahon ng mga inaakalang mga krimen kaya pinahintulutan ang imbestigasyon. Sa pagpapatibay ng Batas (the 'Statute'), tuwirang tinatanggap ng Pilipinas ang hurisdiksyon ng Korte, sa loob ng mga hangganang itinakda ng kasunduan […]. Ang mga probisyong ito at ang mga sumusunod na obligasyon ay nananatiling naaangkop, sa kabila ng pag-urong ng Pilipinas ['] galing sa Batas (the 'Statute').'[13]

7. Dahil ang inaakalang kilos ay nangyayari sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre 2011 at ika-16 ng Marso 2019 sa teritoryo ng Pilipinas, saklaw ito sa hurisdiksyon ng Korte.

8. Sa panahong ito, ang Kamara (the 'Chamber') ay tumangging gamitin nito ang kanyang kapangyarihang discretionaryo '*proprio motu'* alinsunod sa pangalawang pangungusap ng artikulo 19(1) ng Batas (the 'Statute') upang tukuyin ang pagiging tanggap ng kaso laban kay Mr Duterte dahil wala namang maliwanag na sanhi o halatang dahilan na nag-uudyok dito upang gawin ito.[14]

## III. Mga pangangailangan ng artikulo 58(1) ng Batas (the 'Statute')

9. Sa Artikulo 58(1) ng Batas (the 'Statute') ipinag-uutos na ang Kamara ng Pre-Trial ('Pre-Trial Chamber'), batay sa aplikasyon ng Taga-usig, ay maglalabas ng mandato ng pag-aresto para sa isang tao kung ito ay kumbinsido na mayroong makatarungang dahilan upang maniwala na ang tao ay gumawa ng krimen na saklaw ng hurisdiksyon ng Hukuman, at kung ang pag-aresto sa tao ay kinakailangan. Ang mga natuklasan na mga katotohanan, tulad ng itinakda sa ilalim, ay ginawa batay sa pamantayang ebidensiya.

[12] Article 15 Decision, para. 111.
[13] Article 18(2) Decision, para. 26, referring to article 127(2) of the Statute. See also Article 18(2) Appeal Judgment, paras 48-58.
[14] See Article 18(2) Appeal Judgment.

*A. Kung mayroong makatarungang dahilan upang maniwala na si Mr Duterte ay nagkasala ng krimen na saklaw sa hurisdiksyon ng Korte (artikulo 58(1)(a) ng Batas (the 'Statute').*

1. Mga elementong konteksto

10. Batay sa mga materyales na ibinigay, at isinasaalang-alang na ang mga miyembro ng Davao Death Squad ('DDS') at ang mga Alagad ng Batas ng Pilipinas,[15] pinupunteriya nila ang napakalaking bilang ng mga taong inaakalang nasasangkot sa mga kriminal na aktibidad[16], lalong-lalo na ang may kaugnayan sa droga,[17] nakita ng Kamara na mayroong isang takbo ng mga kilos na kinasasangkutan ang pagsasagawa ng maraming mga gawain laban sa populasyong sibilyan sa teritoryo ng Pilipinas.[18] Bukod pa rito, ang mga marahas na gawaing ito ay unang isinagawa ng DDS at pagkatapos isinagawa ng iba't ibang awtoridad ng gobyerno at mga sangay ng gobyerno, alinsunod sa polisiya na kung saan ang pakay ay para ihinto ang kriminalidad ng Pilipinas sa lahat ng paraan, kasama na ang pagpatay ng inaakalang mga kriminal.[19]

11. Batay sa nabanggit, ang Kamara ay nasisiyahan na ang isang 'atake' na nakatuon sa populasyong sibilyan ayon sa isang polisiya ng organisasyon sa panahon ni Mr Duterte na siyang namumuno ng DDS at ang polisiya ng Estado sa panahon na siya ang Presidente ng Pilipinas, sa loob ng kahulugan ng artikulo 7(1) ng Batas ('The Statute'). Bukod pa rito, may mga makatarungang basehan para maniwala na ang pag-atakeng ito ay parehong malaganap at sistematiko: ang pag-atake ay nangyayari sa loob ng ilang taon, at libo-libong mga tao ang namamatay[20] na kung saan ang isang halimbawa nito ay sinusuri sa seksyon sa ilalim.[21] Ipinakita sa ipinasang mga materyales na ang mga pagpatay ay may mga tampok na magkakapareho, tulad ng lokasyon at '*modus operandi*',[22] kasama na ang

[15] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[16] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[17] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[18] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[19] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[20] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[21] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[22] PHL-OTP-00000541 at 0004; PHL-OTP-00000549 at 0012-0016; PHL-OTP-00000550 at 0002-0004; PHL-OTP-00015509 at 0004; PHL-OTP-00000549 at 0003-0005; PHL-OTP-0002-0626, paras 100, 228-229; PHL-OTP-00000541 at 0004-0006; PHL-OTP-0004-0006, paras 255-258; PHL-OTP-0002-0626, paras 557, 597.

pamamaraan ng pagpatay,[23] ang mga ‘profiles’ ng mga biktima[24] at ang mga ‘profiles’ ng mga nagkasala.[25]

12. Tinutukoy ng Kamara (the ‘Chamber’) na inaakusahan ng Prosekusyon na ang ilang mga kilos ay krimen laban sa Sangkatauhan katulad ng pagpapahirap at panggahasa, sa ilalim ng mga artikulo 7(1)(f) at 7(1)(g) ng Batas (the ‘Statute’), ‘ay isinagawa bilang bahagi ng isang malaganap at sistematikong pag-atake na nakatuon laban sa populasyong sibilyan’ at ‘alinsunod sa polisiya ng Estado para atakehin ang inaakalang mga kriminal’.[26] Subalit, bagamat ang impormasyong ibinigay ay nagpapahintulot sa Kamara (the ‘Chamber’) para sa konklusyon na natugunan ang mga materyales na elemento ng mga inaakusahan ng krimen, itinuturing ng Kamara (the ‘Chamber’) na ang pagkakaroon ng koneksyon sa pagitan ng mga inaakusahang kilos at ang atake, tulad ng ipinahayag sa itaas, ay hindi sapat na naipakita. Kaya, ang mga paratang sa ilalim ng mga kasong 2 at 3 ay hindi mapapanatili para sa kasalukuyang mandato ng pag-aresto (‘warrant of arrest’).

13. Batay sa papel at katayuan ni Mr Duterte ayon sa Kaugnay na Panahon bilang isang Alkalde ng Siyudad ng Davao, at Presidente ng Pilipinas at sa katunayan, na siya ay isang pinuno ng DDS,[27] nakita ng Kamara (the ‘Chamber’) na tiyak na may alam tungkol sa mga operasyon at ang kanilang saklaw. Ipinakita sa mga materyales, batay sa ipinapaliwanag sa ilalim,[28] na sa pamamagitan ng pagtukoy sa saklaw at layunin ng mga operasyon, balak ni Mr Duterte na ang kilos ay magiging bahagi ng malaganap at

[23] PHL-OTP-00000541 at 0004; PHL-OTP-0004-0006, paras 93, 194, 329; PHL-OTP-0002-0626, paras 99, 321; PHL-OTP-00000541 at 0004-0006; PHL-OTP-0004-0006, paras 135-143, 156-160; PHL-OTP-0002-0626, paras 117-122; PHL-OTP-0002-0626, paras 102, 117, 288, 319; PHL-OTP-0004-0006, para. 137.
[24] PHL-OTP-0001-2605 at 2616; PHL-OTP-0001-2639 at 2652-2653; PHL-OTP-0001-2682 at 2690; PHL-OTP-00000547 at 0016; PHL-OTP-00015507 at 0005-0008; PHL-OTP-00015527 at 0007-0008; PHL-OTP-00000147 at 0030. See also PHL-OTP-0004-0006 at 0059-0060; PHL-OTP-0002-0626, paras 306, 308, 310, 368-369.
[25] See Article 18(2) Appeal Judgment.
[26] Application, paras 9-10, 74-76. As regards Count 2 (torture), the Chamber notes that this finding relates only to alleged Incident 6; for the relevant Chamber’s findings on Incident 1, see para. 14, footnote 32 below.
[27] See PHL-OTP-0006-9247 at 9247-9248; PHL-OTP-0001-2605 at 2618-2620; PHL-OTP-00015507 at 0005-0006; PHL-OTP-00015501 at 0001.
[28] See Section III.A.3. (‘Mr Duterte’s individual criminal responsibility’) below.

sistematikong atake na nakatuon sa mga taong kasangkot sa mga kriminal na mga gawain, lalong-lalo na sa mga bagay na kaugnay sa mga droga.[29]

2. Ang mga ipinapalagay na krimen

14. Ayon sa may kaugnayan na materyal na ipinasa sa Prosekusyon, at may kaugnayan sa isang hindi kumpletong listahan ng mga insidente,[30] nakita ng Kamara (the 'Chamber') na may makatarungang basehan para maniwala na, sa panahon ng Kaugnay na Panahon, ang mga pagpatay ng mga taong inaakalang nasasangkot sa iba't ibang uri ng kriminal na mga gawain, kasama na ang mga bagay na may kaugnayan sa droga,[31] ay isinagawa ayon sa mga sumusunod:

a. hindi bababa sa 19 na mga tao, ang mga inaakalang nagbebenta ng droga o mga magnanakaw, ay pinatay ng mga miyembro ng DDS sa iba't ibang mga lokasyon ng o sa paligid ng Siyudad ng Davao;[32]

b. hindi bababa sa 24 mga tao, mga inaakalang kriminal – katulad ng mga nagbebenta ng droga at magnanakaw – o gumagamit ng droga, ay pinatay sa pamamagitan o sa

[29] See PHL-OTP-0003-3291 at 3292; PHL-OTP-0003-3800 (translation PHL-OTP-00015493 at 0004); PHL-OTP-0003-3261 (translation PHL-OTP-00015492 at 0006, 0016); PHL-OTP-0003-3800 (translation PHL-OTP-00015493 at 0004. See also PHL-OTP-0003-3283 (translation PHL-OTP-00001127 at 0005); PHL-OTP-00000267 (translation PHL-OTP-00000336 at 0010).
[30] Application, paras 68-76.
[31] See Section III.A.1. ('Contextual elements') above.
[32] Based on the list provided by the Prosecution under Counts 1 and 3 in the Application, the Chamber has retained as proven these incidents based on the following supporting material: (i) Incident 1: PHL-OTP-00015405 at 0009-0010; PHL-OTP-00015433; PHL-OTP-00015434 at 0002-0005; PHL-OTP-00015435 at 0002-0005; PHL-OTP-00015436 at 0002-0006; (ii) Incident 2: PHL-OTP-00015447 at 0007-0011; PHL-OTP-00015448 at 0002-0008; PHL-OTP-00015452 at 0002-0004; (iii) Incident 3: PHL-OTP-0001-2682; PHL-OTP-0001-2691 at 2692-2698. See also PHL-OTP-00000324; PHL-OTP-00000321; (iv) Incident 4: PHL-OTP-00001717 at 0002-0003; PHL-OTP-00001718 at 0002-0015; PHL-OTP-00001719 at 0002-0004. See also PHL-OTP-00000422; (v) Incident 5: PHL-OTP-00001724 at 0002-0010; PHL-OTP-00001725 at 0004, 0009-0011. See also PHL-OTP-00000423; (vi) Incident 7: PHL-OTP-00001732 at 0003-0009; PHL-OTP-00001733 at 0002-0004. See also PHL-OTP-00000426; PHL-OTP-00001483; (vii) Incident 8: PHL-OTP-00001739 at 0002-0004; PHL-OTP-00001741 at 0002-0013. See also PHL-OTP-00000522; PHL-OTP-00001484; PHL-OTP-00000520; (viii) Incident 9: PHL-OTP-00001708 at 0004-0013; PHL-OTP-00001709. See also PHL-OTP-00000419; PHL-OTP-00000374; (ix) Incident 10: PHL-OTP-00001711 at 0006-0015; PHL-OTP-00001712; PHL-OTP-00001713 at 0002-0003, 0008-0009, 0011-0013; PHL-OTP-00001714 at 0006-0007; PHL-OTP-00001715 at 0005-0009. See also PHL-OTP-00000524; PHL-OTP-00000421; PHL-OTP-00000526. The Chamber notes that, at paragraph 75 of the Application, the Prosecution also alleges that the events described in Incident 1, as part of Count 3, would amount to the crime against humanity of torture pursuant to article 7(1)(f) of the Statute, because of 'the severe suffering which the rape and stabbings caused to the child victims'. However, noting that rape as a crime against humanity cannot be retained for the purpose of this warrant of arrest (see Section III.A.1. above), and that the 'stabbings' of the victims would already amount to a specific crime as such, i.e. the crime against humanity of murder under article 7(1)(a) of the Statute, which thus appears to be the most appropriate characterisation, the Chamber finds that qualifying those conducts also as torture is unwarranted.

ilalim ng pangangalaga ng mga miyembro ng Alagad ng Batas sa Pilipinas, minsan sa tulong ng mga taong hindi kasali są pulisya, są iba't ibang lokasyon sa Pilipinas.[33]

15. Tungkol sa mga naibanggit sa itaas na mga natuklasan, binigyan ng konsiderasyon ng Kamara (the 'Chamber') na may mga makatarungang basehan na ang mga elemento ng mga krimen na pagpatay laban sa Sangkatauhan alinsunod sa 7(1)(a) ng Batas (the 'Statute') ay natutugunan at ang krimen ay isinagawa sa teritoryo sa Pilipinas sa Kaugnay na Panahon.

### 3. Ang pansariling pananagutan sa krimen ni Mr Duterte

16. Nakita ng Kamara (the 'Chamber') na may makatarungang mga basehan para maniwala na, sa panahon ng Kaugnay na Panahon, itinatag ni Mr Duterte at siya ang pinuno ng 'DDS', isang alkalde ng Siyudad ng Davao at Presidente ng Pilipinas.[34]

17. Noong si Mr Duterte ay unang naging Alkalde ng Siyudad ng Davao noong 1988, itinatag niya ang 'Lambada Boys', na kumilos bilang isang 'death squad', binubuo ng mga opisyal na mga pulisya at mga mamamatay-tao na hindi pulisya, na may misyong papatay ng mga kriminal.[35] Sa simula ng 1990s, ang Lambada Boys ay nagkaroon ng bagong pangalan bilang isang 'Davao Death Squad'.[36] Bilang tagapagtatag at pinuno ng DDS at, sa kahulihan, pangulo sa Estado ng Pilipinas, si Mr Duterte, kasama ang mga mataas na opisyal ng gobyerno at mga miyembro ng pwersa ng pulisya (ang mga 'kasama sa paggawa ng krimen') (the 'co-perpetrators') at sa pamamagitan ng ibang mga tao,[37] ay sumang-ayon na papatayin ('neutralise')[38] ang mga indibidwal na makikita nilang mga inaakalang kriminal o mga indibidwal na may mga kriminal na mga pagtangkilik, kasama pero hindi limitado ang mga nagkasala tungkol sa droga,[39] unang-una sa Davao[40] at

[33] PHL-OTP-0001-3619 at 3806; PHL-OTP-0001-2605 at 2630; PHL-OTP-0006-9247 at 9247-9248; PHL-OTP-0003-3291. See also para.17, footnote 35 below.
[34] PHL-OTP-0001-3619 at 3806; PHL-OTP-0001-2605 at 2630; PHL-OTP-0006-9247 at 9247-9248; PHL-OTP-0003-3291. See also para.17, footnote 35 below.
[35] PHL-OTP-0006-9247 at 9247-9248; PHL-OTP-00000406 at 0003; PHL-OTP-00015401 at 0002-0012; PHL-OTP-00015402 at 0002-0006; PHL-OTP-00015501 at 0002-0003; PHL-OTP-0001-2605 at 2630; PHL-OTP-00001197.
[36] PHL-OTP-0006-9247 at 9247; PHL-OTP-00000406 at 0003; PHL-OTP-0001-2576 at 2591-2593.
[37] PHL-OTP-0001-2691 at 2711-2713; PHL-OTP-00015507 at 0008; PHL-OTP-00015508 at 0008; PHL-OTP-00015515 at 0017-0018; PHL-OTP-00000368 (translation PHL-OTP-00000409 at 0001).
[38] PHL-OTP-00015502 at 0005, line 125; PHL-OTP-00015427 at 0005; PHL-OTP-00015390 at 0011.
[39] PHL-OTP-0001-2682 at 2690; PHL-OTP-0001-2639 at 2652-2653; PHL-OTP-00015533 at 0004-0005, lines 98-13; PHL-OTP-00000547 at 0016; PHL-OTP-0002-0626, paras 302-312; PHL-OTP-00000147 at 0030; PHL-OTP-00000368 (translation PHL-OTP-00000409 at 0001).
[40] See para.17, footnote 35 above.

pagkatapos sa buong bansa.[41] Ang salitang 'neutralise' ay ginamit at naintindihan ng mga taong nasasangkot sa mga operasyon na ito'y nangangahulugang 'papatay'.[42] Ang kasunduang ito ay may pakay na pag-aaksyun laban sa tumataas na kriminalidad' sa pamamagitan ng pagpatay ng mga kriminal sa isang lubos na lihim at sekreto na paraan' at ito'y hindi sumusunod sa mga pangunahing tuntunin ng pagpapatupad ng batas o imbestigasyon', na umano'y napatunayang hindi epektibo sa pag-aalis o pagpapababa ng mga krimen.[43]

18. Batay sa ipinakita sa ilalim, nakita ng Kamara (the 'Chamber') na may makatarungang mga basehan para maniwala na, sa kanyang katungkulan bilang isang pinuno ng DDS at pagkatapos isang Presidente ng Pilipinas, direktang ginamit ni Mr Duterte ang mga gumagawa ng mga krimen bilang isang kasangkapan para gagawin ang krimen.

19. Tungkol sa DDS, si Mr Duterte ay may '*de facto'* kontrol sa yunit na ito, ang operasyon ay inayos sa isang hierarkikal na paraan, na ang mga pisikal na mga nagkasala ay nasa ilalim at si Mr Duterte ay nasa itaas ng linya ng pag-uulat.[44] Ang kanyang impluwensya ay lalong pinatibay ang katotohanan na, bilang isang Alkalde ng Siyudad, siya ay may kontrol sa pulisya ng siyudad na may kapangyarihan upang pamunuan ang mga gawain ng imbestigasyon ng pulisya, gamitin at ipakalat ang mga yunit o elemento ng pulisya, at pipili ng Pinunong Pulisya ng Siyudad ng Davao.[45] Tinutupad ng kusa ang mga tagubilin ng mga miyembro ng DDS, pati na ang mga bagay na tanging ipinahiwatig lamang.[46] Ang kanilang pagiging maaaring palitan ay ipinapakita ng katotohanan na pinapatay ng DDS ang ilang mga pisikal na gumagawa ng pagkasala na hindi sumunod sa kanilang mga utos.[47]

---

[41] PHL-OTP-0005-0259 at 0259-0260.
[42] PHL-OTP-00015390 at 0010-0011; PHL-OTP-0004-0006 at 0059-0060; PHL-OTP-00015502 at 0005; PHL-OTP-00015357.
[43] PHL-OTP-00015507 at 0005-0006.
[44] PHL-OTP-0001-3619 at 3806.
[45] As the Mayor of Davao City, Mr Duterte was the chief executive of the city government with the duty to 'exercise general supervision and control over all programs, projects, services, and activities of the municipal government' (PHL-OTP-00000259 at 0167-0172, Section 444). He also had formal 'operational supervision and control' over the police units in his jurisdiction, including 'the power to direct, superintend, and oversee the day-to-day functions of police investigation of crime', the 'employment and deployment of units or elements of the PNP' and the power to choose the Davao City Police Chief (PHL-OTP-0003-3321 at 3329, Section 51, as amended by PHL-OTP-0009-0143 at 0162-0163, Sections 62-63). See PHL-OTP-00015507 at 0008.
[46] PHL-OTP-00015403 at 0008-0009; PHL-OTP-00015510 at 0002; PHL-OTP-00015508 at 0008-0009.
[47] PHL-OTP-0001-2605 at 2630-2631; PHL-OTP-0001-2605 at 2630; PHL-OTP-00015445 at 0004; PHL-OTP-00015508 at 0008-0009.

20. Bilang isang Presidente ng Pilipinas, si Mr Duterte ay isang pangulo ng Estado na may '*de jure* ' kontrol sa lahat ng mga mga kagawaran ng ehekutibo, mga opisina, kasama na ang Nasyonal na Pulisya ng Pilipinas 'Philippine National Police' ('PNP'), [48] ang Nasyonal na Opisina para sa Imbestigasyon 'National Bureau of Investigation' ('NBI')[49] at ang Ahensiya ng Pagpapatupad ng Batas Laban sa Droga ' the Philippine Drug Enforcement Agency' ('PDEA'),[50] at may kapangyarihan ng pangangasiwa sa mga lokal na pamahalaan.[51] Siya ay may kapangyarihan na magtalaga ng mga pangunahing opisyal para sa pagpapatupad ng batas at lumikha ng Pambansang Network, na pumatay ng mga kinikilalang mga kriminal umano at pinagtakpan ang mga gumagawa ng pagkasala na hindi mananagut para sa kanilang mga krimen.[52] Siya din ay may kapangyarihan at may kakayahan para temporaryong isususpinde ang mga operasyon at para ilipat ang mga operasyon sa ibang ahensya ng gobyerno at ginawa ito bilang tugon sa paghihimagsik ng publiko.[53]

21. Si Mr Duterte ay nagkaroon din ng '*de facto'* kontrol sa lahat ng mga ahensyang nagtutupad ng Nasyonal na Plano, kasama na ang PNP at PDEA. Kanyang itinalaga ang mga kasamang gumawa ng pagkasala sa Siyudad ng Davao para magkaroon ng mataas na antas na nasyonal na posisyon at ang mga nasasakupang tauhan na may kasangkutan sa mga pagpatay sa Davao at sa ibang mga parte ng bansa.[54] Naiiintindihan ng mga gumagawa ng mga materyal na mga elemento sa mga krimen na wala silang kalayaan para hindi susundin ang mga utos galing kay Mr Duterte na patayin ang mga pinagdudahang mga kriminal.[55] Sinamantala din ni Mr Duterte ang mga isyu at alalahanin ng mga direktang nagkasala katulad ng pinagdududahang nagkasala ng mga salang kaugnay sa droga upang tiyakin ang pagsunod sa mga utos ng kanilang mga nakatataas para sila'y gagamitin bilang kasangkapan upang gagawin ang mga krimen.[56] Ang pagiging maaaring palitan ng mga mababang antas na nagkasala ay maaaring ipalagay

[48] PHL-OTP-0003-3321 at 3221, Title.
[49] PHL-OTP-0009-0169 at 0172-0174, Sections 6 and 7.
[50] PHL-OTP-0017-4870 at 4904, 4909-4910, Sections 78 and 82.
[51] PHL-OTP-0005-2102 at 2125, Article VII, at 2140, Article X, Section 4.
[52] See e.g. PHL-OTP-00000216 at 0002-0003; PHL-OTP-0003-1438 at 1442; PHL-OTP-00015529 at 0005; PHL-OTP-0003-3283 (translation PHL-OTP-00001127 at 0002).
[53] PHL-OTP-00015496 (translation PHL-OTP-00015573 at 0006-0009); PHL-OTP-00015394 at 0071-0073; PHL-OTP-00001488 (translation PHL-OTP-00015388 at 0003).
[54] See para.20, footnote 52 above.
[55] See e.g. PHL-OTP-00015394 at 0071.
[56] PHL-OTP-00000552 at 0022-0024; PHL-OTP-00000540 at 0005-0015; PHL-OTP-00015392 at 0018-0019.

mula sa katotohanan na sila ay pinatay o pinarusahan bilang mga alibay upang matiyak na ang mga mataas na antas na nagkasala ay makikinabang ng impunidad.[57]

22. Si Mr Duterte ay nagbigay ng mga mahahalagang kontribusyon sa pagsasagawa ng mga inaakusahang krimen sa mga sumusunod na paraan:

a. Pagdidisenyo at pagpapalaganap ng isang proyekto na naglalayong tumutok sa mga inaakusahang kriminal,[58] kasama na ang panahon ng kanyang kampanya tungkol sa Presidente,[59] para magtatagumpay, na kung saan ang laban tungkol sa ilegal na droga na proyektong ‘Double Barrel’ na inilunsad,[60] at pagkatapos ang pag-apruba sa proyektong ito;[61]

b. Pagpapatatag at pangangasiwa ng DDS[62] at pagbibigay nito ng mga sandata, bala, mga sasakyan, mga ligtas na bahay at pang-komunikasyon na mga kasangkapan para gagawin ang mga pagpatay;[63]

c. Pag-uutos at pagbibigay ng pahintulot para sa mga marahas na gawain laban sa mga pinagdududahang mga kriminal, kasama na ang mga nagbebenta at gumagamit ng droga;[64]

d. Pagtatalaga ng mga pangunahing tauhan para sa mga posisyon na mahalaga sa pagsasagawa ng mga krimen;[65]

---

[57] PHL-OTP-00000541 at 0008-0011; PHL-OTP-00000545 at 0010-0011; PHL-OTP-00000550 at 0010. See also Incident 24 (Application, para. 72(xi)); Article 18 Decision, para. 68.
[58] PHL-OTP-00015401 at 0003; PHL-OTP-00000354 (transcript PHL-OTP-00001679, translation PHL-OTP-00001682 at 0002); PHL-OTP-00000285 (transcript PHL-OTP-00000840, translation PHL-OTP-00000848 at 0002); PHL-OTP-0005-0259 at 0259; PHL-OTP-00000264 (translation PHL-OTP-00000335 at 0002, 0008).
[59] PHL-OTP-00000277 (transcript PHL-OTP-00001121, translation PHL-OTP-00001123 at 0006, 0007); PHL-OTP-00000303 (transcript PHL-OTP-00000846, translation PHL-OTP-00000854 at 0002). See also PHL-OTP-0003-1438 at 1442.
[60] PHL-OTP-0005-0259 at 0259.
[61] PHL-OTP-00000267 (translation PHL-OTP-00000336 at 0009-0010); PHL-OTP-0003-3213 (translation PHL-OTP-00015491 at 0001); PHL-OTP-00000271 (translation PHL-OTP-00000558 at 0008); PHL-OTP-0003-3283 (translation PHL-OTP-00001127 at 0005); PHL-OTP-0003-3224 (translation PHL-OTP-00015479 at 0016); PHL-OTP-0003-3261 (translation PHL-OTP-00015492 at 0016); PHL-OTP-0003-3800 (translation PHL-OTP-00015493 at 0004).
[62] See para.17, footnotes 35 and 36 above.
[63] PHL-OTP-00015525 at 0013; PHL-OTP-00015402 at 0009; PHL-OTP-00000406 at 0006; PHL-OTP-0003-0886 at 0941-0942; PHL-OTP-0002-0232.
[64] PHL-OTP-00015427 at 0005; PHL-OTP-00015401 at 0003; PHL-OTP-0006-9247 at 9252; PHL-OTP-00015432 at 0005; PHL-OTP-00015390 at 0011; PHL-OTP-00015501 at 0002-0003; PHL-OTP-0001-2605 at 2630; PHL-OTP-00015507 at 0008; PHL-OTP-0001-2691 at 2712; PHL-OTP-00001714 at 0002; PHL-OTP-00015508 at 0008; PHL-OTP-00015515 at 0017-0018; PHL-OTP-00020039 at 0045-0046.
[65] See paras 19-21.

e. Nagbibigay ng mga pang-pinansyal na mga benepisyo at mga promosyon para sa mga opisyal na mga pulisya at mamamatay-tao para papatayin ang mga pinagdududahan,[66] nangangako ng impunidad,[67] at sila'y pinoprotektahan galing sa imbestigasyon at prosekusyon;[68]

f. Gumawa ng pampublikong mga pahayag na nagbibigay ng pahintulot, pagtanggap at pagsusulong ng mga pagpatay at pagpapababa ng pagkatao ng mga inaakalang kriminal bilang isang Alkalde ng Siyudad ng Davao[69] at ang Presidente ng Pilipinas,[70] kasama ang pagbanggit ng mga pangalan ng mga pinagdududahan sa publiko,[71] na ang ilan ay pagkatapos pinatay sa panahon ng mga operasyon ng pulisya;[72] at

g. Nagbigay paghintulot sa mga importanteng mga aktor ng Estado na sasali sa kampanya laban sa droga at pagbawi ng kanyang mga pahintulot.[73]

23. Bilang pangulo sa DDS at pagkatapos Presidente ng Pilipinas at matapos gawin ang mga nabanggit na mahahalagang kontribusyon, si Mr Duterte ay nagkaroon ng kapangyarihan upang hadlangan ang pagsasagawa ng inaakalang krimen.

24. Batay sa materyal na nasa harap nito at sa mga nabangggit sa itaas na natuklasan, ang Kamara (the 'Chamber') sa karagdagan, nakikita nito na may makatarungang basehan para maniwala na si Mr Duterte ay kumilos na may pakay at may-alam sa loob ng kahulugan ng artikulo 30 ng Batas (the 'Statute') kaugnay sa nakitang krimen na

---

66 PHL-OTP-00015532 at 0006; PHL-OTP-00015220 (partial transcript PHL-OTP-00015692, translation PHL-OTP-00015723 at 0005-0006); PHL-OTP-00000354 (transcript PHL-OTP-00001679, translation PHL-OTP-00001682 at 0002); PHL-OTP-0006-9247 at 9248. See e.g. PHL-OTP-00001150; PHL-OTP-00001197, PHL-OTP-00000147 at 0010; PHL-OTP-00000147 at 0030, 0033; PHL-OTP-00015422 at 0004; PHL-OTP-0003-3199 (translation PHL-OTP-00015490 at 0008, 0012).

67 PHL-OTP-00000271 (translation PHL-OTP-00000558 at 0008; PHL-OTP-0003-3283 (translation PHL-OTP-00001127 at 0005); PHL-OTP-00000267 (translation PHL-OTP-00000336 at 0009-0010); PHL-OTP-0003-3261 (translation PHL-OTP-00015492 at 0016); PHL-OTP-0003-3800 (translation PHL-OTP-00015493 at 0004); PHL-OTP-00000285 (transcript PHL-OTP-00000840, translation PHL-OTP-00000848 at 0002).

68 PHL-OTP-0001-2605 at 2630-2632.

69 PHL-OTP-00000285 (transcript PHL-OTP-00000840, translation PHL-OTP-00000848 at 0002); PHL-OTP-00000354 (transcript PHL-OTP-00001679, translation PHL-OTP-00001682 at 0002).

70 PHL-OTP-00000339 (translation PHL-OTP-00000518 at 0003); PHL-OTP-0003-3291 at 3292; PHL-OTP-0003-3283 (translation PHL-OTP-00001127 at 0005); PHL-OTP-0003-3213 (translation PHL-OTP-00015491 at 0001); PHL-OTP-0003-3199 (translation PHL-OTP-00015490 at 0008, 0012); PHL-OTP-0001-3870 (translation PHL-OTP-0001-4350 at 4352); PHL-OTP-0003-3199 (translation PHL-OTP-00015490 at 0012); PHL-OTP-00015496 (translation PHL-OTP-00015573 at 0009); PHL-OTP-0001-3870 (translation PHL-OTP-0001-4350 at 4352).

71 PHL-OTP-00001774 (transcript PHL-OTP-00016132, translation PHL-OTP-00016419 at 0003-0004).

72 PHL-OTP-00017648 (translation PHL-OTP-00017690 at 0003). See also Incident 17 (Application, para. 71(iii)).

73 PHL-OTP-00015496 (translation PHL-OTP-00015573 at 0006-0009); PHL-OTP-0005-0439; PHL-OTP-0003-2556; PHL-OTP-0003-3720; PHL-OTP-0003-0269.

isinagawa. Pinapalagay ng Kamara (the 'Chamber') ang kanyang kaalaman at layunin batay sa, '*inter alia' kabilang na ang,* kanyang inaakalang pagkilos para sa pagtatatag ng DDS at ng Nasyonal Network at sa pagkokontrol ng mga ito, kasama sa kanyang mga kasamahan na mga kasabwat sa paggawa ng krimen; nagtuturo at sumusuporta sa mga pagpatay na labag sa batas sa buong lungsod at buong bansa; ang kanyang pampublikong mga pahayag na tumatanggap ng responsibilidad para sa pagpatay na isinagawa alinsunod sa polisiya ng Estado;[74] nagbibigay ng mga kinakailangang mga kasangkapan para magagawa ang mga pag-atake; pag-aako ng responsibilidad sa mga pag-atake; at nangangako sa mga opisyal na mga pulisya at mga mamamatay-tao na sila'y bibigyan ng kalayaan mula sa pananagutan ng prosekusyon.

25. Binigyan ng konsiderasyon ang kabuuan ng impormasyon sa harap nito, nakita ng Kamara (the 'Chamber') na may makatarungang basehan para maniwala na si Mr Duterte ay may pansariling pananagutan para sa krimen laban sa pagpatay ng Sangkatauhan (artikulo 7(1)(a) ng Batas (the 'Statute') hindi direktang kasabwat sa loob ng kahulugan ng artikulo 25(3)(a) ng Batas (the 'Statute'), na isinagawa sa panahon ng Kaugnay na Panahon.

*B. Kailangang pag-aresto*

26. Ipinapahayag ng Prosekusyon na ang pag-aresto ni Mr Duterte ay kailangan para masegurado ang kanyang pagharap sa Korte upang matiyak ang kanyang pagdalo sa Korte.[75] Pagkatapos suriin ang mga impormasyong isinumite sa Prosekusyon, tinanggap ng Kamara (the 'Chamber') na walang makatwirang inaasahan na makikipagtulungan siya sa isang legal na panawagan na ipinalabas ng Korte upang humarap'.[76] Naobserbahan ng Kamara (the 'Chamber') na si Mr Duterte, kahit na siya ay hindi na Presidente sa Pilipinas, tila patuloy na may malawak na kapangyarihan. Isinasaalang-alang ang panganib na dulot ng posibleng panghihimasok sa mga imbestigasyon at seguridad ng mga saksi at at mga biktima, ang Kamara ('he 'Chamber') ay nasisiyahan na ang pag-aresto ni Mr Duterte ay kailangan sa loob ng artikulo 58(1)(b)(i) ng Batas (the 'Statute') upang maseguro ang kanyang pagdalo sa harap ng Korte.

[74] PHL-OTP-00000291 (transcript PHL-OTP-00000842, translation PHL-OTP-00000850 at 0002); PHL-OTP-00000294 (transcript PHL-OTP-00000843, translation PHL-OTP-00000851 at 0002); PHL-OTP-00000297 (transcript PHL-OTP-00000844, translation PHL-OTP-00000852 at 0002-0003).
[75] Application, para. 110.
[76] Application, para. 110.

**DAHIL SA MGA KADAHILANANG ITO, ANG KAMARA AY KAYA'T**

**NAGLALABAS** ng mandato ng pag-aresto para kay Rodrigo Roa Duterte, isinilang noong ika- 28 ng Marso 1945, dahil sa kanyang inaakalang kriminal na responsibilidad alinsunod sa artikulo 25(3)(a) ng Batas (the 'Statute') para sa krimen na pagpatay laban sa Sangkatauhan alinsunod sa artikulo 7(1)(a) ng Batas (the 'Statute'), isinagawa sa Republika ng Pilipinas sa panahon ng Kaugnay na Panahon, tulad ng nakasaad sa kautusang pag-aresto;

**NAGDESISYON** na ang mandato sa pag-aresto, ay kasalukuyang itinuturing na lihim, maaari itong iparating, o ang pagkakaroon nito ay ibunyag, at ang pagkakaroon ng aplikasyon ng Prosekusyon para sa kasalukuyang kautusang pag-aresto ay maaaring banggitin sa mga Estado, mga internasyonal na organisasyon, o mga taong may sapat na kakayahan kung kinakailangan para sa pagpapatupad ng kautusang pag-aresto;

**NAGDESISYON** na ang Rehistro ay, kung sa pagpapahiwatig ng Prosekusyon ay lumitaw ang isang sitwasyon na nangangailangan upang gawin ito: (i) maghanda ng kahilingan para sa kooperasyon na humihiling ng pag-aresto at pagsuko ni Mr Duterte, na naglalaman ng mga impormasyon at dokumentong kinakailangan sa pamamagitan ng mga artikulo 89(1) at 91 ng Batas (the 'Statute') at patakaran 187 ng Mga Patakaran sa Pamamaraan at Ebidensya; o (ii) maghanda ng kahilingan para sa pansamantalang pag-aresto alinsunod sa artikulo 92 ng Batas (the 'Statute'), na naglalaman ng impormasyon at mga dokumento; (iii) ipasa, sa pamamagitan ng konsultasyon at koordinasyon sa Prosekusyon, ang kahilingan, alinsunod sa artikulo 87 ng Batas (the 'Statute'), para makipagtulungan sa Korte para sa pakay ng pagpapatupad ng kahilingan sa pag-aresto at pagsuko ni Mr Duterte; at (iv) magsumite ng ulat ng progreso hinggil sa kalagayan ng pagpapatupad ng kahilingan para sa kooperasyon na hindi lalampas sa 15 araw matapos gawin ang kahilingan;

**INUUTUSAN** ang Rehistro na ihanda at ipasa sa anumang kaugnay na Estado sa konsultasyon at kooperasyon ng Prosekusyon, kahit anong kahilingan para sa pagpasa alinsunod sa artikulo 89(3) ng Batas (the 'Statute'); at

**INUUTUSAN** ang Prosekusyon na magsumite sa Rehistro tungkol sa lahat ng impormasyong na nasa kanyang kaalaman na maaaring makatulong sa pagpapatupad ng kahilingan sa pag-aresto at pagsuko kasama na ang kahit anong impormasyon na may kaugnayan para sa

pagsusuri ng anumang mga panganib para sa mga biktima at mga saksi kaugnay ng pagpapadala ng kahilingan para sa pag-aresto at pagsuko;

**INUUTUSAN** ang Rehistro na magrehistro ng mandato para sa pag-aresto sa talaan ng sitwasyon at sa panahon na ang pinaghihinalaan ay arestado, para buksan ang talaan ng kaso at ilipat muna ang Aplikasyon ng Taga-usig mula sa talaan ng sitwasyon papunta sa talaan ng kaso.

Ginawa sa Ingles. Susunod ang Pranses na pagsasalin ng wika. Ang bersyon ng Ingles ay nananatiling awtoritatibo."

/*pinirmahan*/

**Huwes 'Judge' Iulia Antoanella Motoc**
**Pangulo ng Pagdinig**

/*pinirmahan*/

**Huwes 'Judge' Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou**

/*pinirmahan*/

**Huwes 'Judge' María del Socorro Flores Liera**

Petsa ngayong Biyernes, ika-7 ng Marso 2025
Sa The Hague, The Netherlands